



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

PAUNAWA PARA SA WORKSHOP

Enero 4, 2021

PARA SA: MGA INTERESADONG PARTIDO

MULA SA: TAGAPAGPAGANAP NA OSPISYAL / APCO

PAKSA: **Pamublikong Workshop – Mga Draft na Susog sa Regulasyon 6, Particulate Matter, Panuntunan 5: Mga Emisyon ng Particulate mula sa Mga Fluidized Catalytic Cracking Unit ng Refinery**

PAUNAWA: Ang Air District ay nagsasagawa ng mga hakbang para matiyak na napoprotektahan ang kalidad ng hangin at pamublikong kalusugan sa Bay Area habang ipinapatupad ang utos na manatili sa bahay sa San Francisco at iba pang county ng Bay Area. Kasama rito ang pagsasara ng aming tanggapan sa 375 Beale Street sa San Francisco hanggang sa susunod na pag-abiso tungkol dito. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang aming website: <https://www.baaqmd.gov/news-and-events/page-resources/2020-news/air-district-operations>.

Ang mga tauhan ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area [Air District]) ay nagsasagawa ng pamublikong workshop para sa pagpresenta, pagtalakay, at pagtanggap ng mga komento kaugnay ng mga nabagong draft na susog sa Regulasyon 6, Panuntunan 5: Mga Emisyon ng Particulate mula sa Mga Fluidized Catalytic Cracking Unit ng Refinery (Panuntunan 6-5). Ipinepresenta sa ibaba ang logistics at mga detalye ng workshop:

Huwebes, Pebrero 4, 2021

6:00 p.m. – 8:00 p.m.

Para sumali sa pamamagitan ng web browser:

<https://us02web.zoom.us/j/85296925189>

Para sumali sa pamamagitan ng telepono: +1 669 900 6833

Meeting ID: 852 9692 5189

- Para sa pag-interpret ng wika, makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa arana@baaqmd.gov, o sa 415-749-4914 hindi bababa sa 72 oras bago ang workshop.
- Para información en español, llame al 415-749-4609
- 中文聯絡電話 415-749-4609
- Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609.

BACKGROUND

Ang mga tauhan ng Bay Area Air Quality Management District ay gumagawa ng mga draft na susog sa Regulasyon 6: Particulate Matter, Panuntunan 5: Mga Emisyon ng Particulate mula sa Mga Fluidized Catalytic Cracking Unit ng Refinery ng Petrolyo. Layunin ng mga susog na ito na tugunan ang mga emisyon ng particulate matter mula sa

mga fluidized catalytic cracking unit ng refinery ng petrolyo, na ilan sa pinakamalalaking pinagmumulan ng mga emisyon ng particulate matter sa San Francisco Bay Area. Sa kasalukuyan, hindi natutugunan ng Bay Area ang lahat ng pang-estado at pambansang pamantayan sa kalidad ng ambient air para sa particulate matter, at may matibay nang ebidensyang nagpapakitang pinong particulate matter ang pinakamatinding panganib sa kalusugan kaugnay ng polusyon sa hangin sa Bay Area. Kailangan pang mabawasan ang mga emisyon ng particulate matter para matiyak na matutugunan ang mga pamantayan at mas luminis ang hangin, at magkaroon ng mga benepisyo sa pampublikong kalusugan sa rehiyon at lokal.

Unang pinagtibay ang Panuntunan 6-5 ng Air District noong 2015 bilang ang kauna-unahang pampangasiwaang hakbang sa pagtugon sa nako-condense na particulate matter mula sa mga fluidized catalytic cracking unit ng refinery ng petrolyo. Ang 2017 Plano sa Malinis na Hangin ng Air District ay may pangkontrol na pag-iingat (SS1) para masuri ang kasalukuyang pag-usad sa pagbabawas ng mga emisyon na ito, at mas malimitahan ang mga emisyon ng particulate matter mula sa mga fluidized catalytic cracking unit. Noong 2018, pinagtibay ng Air District ang Panukalang-batas ng Asembleya 617 Iskedyul ng Pagpapatupad sa Pinabilis na Pinakamahusay na Available na Retrofit Control Technology (Best Available Retrofit Control Technology, BARCT), na tumukoy ng mga posibleng proyekto sa pag-develop ng panuntunan para masuri at maipatupad ang BARCT sa ilang pasilidad ng industriyal na sektor alinsunod sa Panukalang-batas ng Asembleya 617 ng California. Natukoy ng Iskedyul na posibleng mabawasan ang matinding emisyon ng particulate matter sa mga fluidized catalytic cracking unit na ito, at dapat sumuri at magsaalang-alang ng higit pang susog sa panuntunan. Ang kasalukuyang pagsisikap na ito sa pag-develop ng panuntunan para sa mga susog sa Panuntunan 6-5 ay sumusunod sa mga nakaraang pagkilos na ito ng Air District sa paggawa ng panuntunan at pagpapalano para matugunan ang mga emisyon mula sa mga pinagmumulang ito.

MGA DRAFT NA SUSOG

Inilathala ng Air District ang buong mark-up na text ng mga draft na susog para sa Panuntunan 6-5 at ang isang Paunang Ulat ng Mga Tauhan noong Mayo 2020, kasama ng isang Kahilingan para sa Mga Komento. Ang mga draft na susog ay may mga bago at nabagong limitasyon sa ammonia at sulfur dioxide, at direktang limitasyon sa total particulate matter na may diameter na hindi hihigit sa 10 micron, na may kasamang nafi-filter at nako-condense na particulate matter, na tinatawag na “total particulate matter.” Ipinapakita ng mga bago at nabagong limitasyon ng draft ang mga antas ng paghihigpit na nakamit at naipakita sa maraming pasilidad, at sa pamamagitan ng mga ito, matitiyak na maayos na makontrol ang mga emisyon ng total particulate matter. May mga kasama ring pagbabago ang mga draft na susog sa kasalukuyang wika ng panuntunan para mabigyang-linaw ang mga probisyon at mapahusay ang mga kinakailangan sa pagsubaybay.

Kasunod ng paglalabas sa mga draft na susog noong Mayo 2020, may sinuring iba pang posibleng opsyon sa pagkontrol ang mga tauhan ng Air District. Maglalathala ang Air District ng mga materyales para sa workshop na tumatalakay sa mga nakaraang draft na susog at iba pang posibleng opsyon sa pagkontrol bago ang workshop. Ang mga materyales para sa workshop ay kabibilangan ng buong mark-up na text ng mga draft na

susog na nagpapakita sa nasabing iba pang opsyon sa pagkontrol, na may kasamang Ulat sa Workshop na may na-update na impormasyon at mga pagsusuri mula sa Paunang Ulat ng Mga Tauhan at higit pang impormasyon sa iba't ibang posibleng opsyon sa pagkontrol at nauugnay na potensyal na epekto.

IMPORMASYON AT MGA KOMENTO

Gagawing available ang mga materyales para sa workshop bago ang workshop sa: <https://www.baaqmd.gov/reg6rule5>. Iniimbitahan ang mga interesadong partido na magsumite ng mga nakasulat na komento sa mga draft na susog sa panuntunan at Ulat sa Workshop. Tatanggap ng mga komento sa mga dokumento sa panahon ng workshop, o puwedeng magsumite ng mga ito, sa pamamagitan ng pagsulat, sa Air District. Ang deadline para sa pagsusumite ng mga komento sa mga materyales na ito ay sa Biyernes, Pebrero 12, 2021 nang 5:00 p.m. Para sa mga tanong o para makapagsumite ng mga komento sa mga draft na pampangasiwaang susog, makipag-ugnayan kay David Joe, ang Assistant Manager ng Seksyong Pag-develop ng Panuntunan sa djoe@baaqmd.gov. Pagkatapos ng workshop at panahon ng pampublikong komento, tatasahin ng mga tauhan ang pangangailangan ng mga pagbabago sa mga draft na susog sa panuntunan. Puwedeng humingi ang mga tauhan ng higit pang input, o puwede silang magpatuloy sa isang pampublikong pagdinig sa Lupon ng Mga Direktor ng Air District para isaalang-alang nila ang suhestyon ng mga tauhan.